CalSavers
RETIREMENT SAVINGS PROGRAM

Ang Pera Mo. Ang Kinabukasan Mo.

saver.calsavers.com

Isang simpleng, pinagkakatiwalaang paraan para makapag-impok para sa pagreretiro

Ang CalSavers ay ang bagong programa sa pagreretiro ng California para sa mga trabahador sa pribadong sektor na sa kasalukuyan ay walang paraan ng pag-iimpok sa trabaho.

Kung nagrehistro ang employer mo para sa CalSavers, madali ang pag-enroll: awtomatiko kang mae-enroll sa loob ng 30 araw maliban kung pinili mong umalis. Kung naka-sarili kang pag-empleyo o hndi nagtatrabaho para sa isang CalSavers na employer, maaari kang mag-enroll nang mag-isa at magsimulang mag-impok ngayon.[1]

- Mag-ambag sa iyong personal na IRA (indibiduwal na pagreretirong account) na pag-aari mo.
- Piliin ang rate sa pag-ipon at mga opsiyon sa pamumuhunan na tama para sa iyo.
- Mananatili sa iyo ang iyong account kahit na magpalit ka ng trabaho.
- Ganap na boluntaryo ang partisipasyon: maaari kang umalis o bumalik anumang oras.[2]

Panahon na para maghanda para sa pagreretiro

Masipag kang nagtatrabaho para sa pera mo at panahon na para pagtrabahuhin ang pera mo para sa iyo.

Para sa marami sa atin, hindi sapat ang bayad ng Social Security pagdating sa pagreretiro.

Ang pag-iimpok ng kahit kaunti ngayon ay potensiyal na makakagawa ng kaibahan sa kalaunan.

Alam mo bang: Batay sa pag-iimpok ng $125 kada buwan simula sa edad na 24, posible kang magkaroon ng isang quarter ng milyong dolyares sa edad na 65?[3]

Saan galing ang kita sa pagreretiro, sa karaniwan[4]

Ikaw ang may kontrol sa iyong account

- Manatili sa mga karaniwang setting o piliin ang sa iyo.
- Pumili mula sa simpleng menu ng mga pagpipiliang pamumuhunan.
- Magtakda ng mga awtomatikong kontribusyon mula sa account mo sa bangko.
- I-withdraw ang mga kontribusyon mo nang walang multa.
- Sumali o umalis anumang oras. [2]

Para sa higit pang impormasyon

saver.calsavers.com

clientservices@calsavers.com

(855) 650-6918

Lun – Biy 8:00 a.m. – 8:00 p.m. PT

Sundan kami

@CalSavers

CalSavers

Mga standard na pagpipilian sa pag-iimpok:

Ang iyong account ay isang Roth IRA. Ang mga kontribusyon sa Roth IRA ay ginagawa makalipas ang buwis upang hindi ka magbayad ng mga buwis sa mga kontribusyon mo matapos kang mag-withdraw. Ang anumang kita sa mga kontribusyong ito ay maaaring walang buwis kapag natugunan mo ang ilang pamantayan ng IRS.

Ang standard na rate sa naipong kontribusyon ay nakatakda sa 5%. Subalit, mababago mo ito anumang oras. Maliban kung pumili ka ng ibang rate, ang mga kontribusyon mo ay **awtomatikong tataas ng 1% kada taon** hanggang umabot ito ng hanggang 8%.

Ang una mong $1,000 sa mga kontribusyon ay ipupuhunan sa CalSavers Money Market Fund at ang mga kasunod na kontribusyon ay ipupuhunan sa target na petsa ng pagreretirong pondo batay sa edad mo. Makakapagpasya ka anumang oras kung pananatiliin ang puhunan mo sa pondong ito o pumili mula sa simpleng menu ng mga ibang opsiyon sa pamumuhunan, kabilang ang batay sa edad na target na pondo sa petsa ng pagreretiro, isang pondo ng bono, isang pandaigdigang equity na pondo, at isang pondo para sa kabatiran sa kapaligiran at panlipunan.

Ang tanging administratibong singil para sa CalSavers ay nasa anyo ng taunang batas sa pag-aaring bayad na tinatayang 0.825% hanggang 0.95%, depende sa napili mong puhunan. Nangangahulugan ito na **magbabayad ka ng nasa pagitan ng $0.83-$0.95 bawat taon sa bawat $100 sa iyong account**. Hindi ka makakatanggap ng singil. Ang halaga ay awtomatikong kukunin mula sa iyong balanse sa CalSavers sa regular na batayan para makatulong sa pagbabayad ng administrasyon ng programa.

Pagsisimula sa pamamagitan ng iyong employer. Bukas na ngayon ang CalSavers para sa pagpaparehistro ng employer at pag-enroll ng empleyado. Kung hindi naghahandog ang iyong employer ng plano sa pagreretiro sa lugar ng trabaho, dapat silang magrehistro para sa CalSavers sa mga partikular na deadline. Kapag nagrehistro ang employer, dapat nilang isumite ang listahan ng mga empleyado nila sa CalSavers. Ang mga idinagdag na empleyado ay makakatanggap ng abiso mula sa CalSavers at may 30 araw para magpasya na ipasadya ang kanilang account, lumabas sa programa o awtomatikong ma-enroll sa mga karaniwang pagpipilian sap ag-iimpok. Ang mga kontribusyon sa paycheck ay magsisimula makalipas ang 30-araw na panahong ito.

Manatiling nakatuon sa ipon mo kailanman o saanman ito kumbinyente para sa iyo. Madali mong masusubaybayan at mapamamahalaan ang account mo nang may kumpiyansa gamit ang CalSavers app. Magagamit para sa mga Apple at Android device.

---

[1] Para mag-enroll sa CalSavers, ikaw dapat ay 18 taong gulang o mas matanda at magbigay ng alinman sa Social Security Number o Individual Tax Identification Number, ang iyong personal na address, at ilang ibang basic na impormasyon.

[2] Kapag umalis ka at may ipon ka, maaaring iwan mo ang pera sa iyong account, ilipat o ipasa ito sa ibang Roth IRA, o humiling ng distribusyon. Tandaan, ang paghiling ng distribusyon ay maaaring magresulta sa mga buwis at multa.

[3] Ang hypothetical na halimbawang ito ay para lang sa layunin ng paglalarawan—ang mga indibiduwal mong resulta ay mag-iiba-iba. Ipinapalagay ng halimbawa ang kita sa puhunan na 6%.

[4] Social Security Administration, Fast Facts & Figures about Social Security, 2017.

Ang CalSavers Retirement Savings Program ("CalSavers" o ang "Programa") ay awtomatikong pag-enroll na pagkaltas sa payroll na IRA na pinangangasiwaan ng California Secure Choice Retirement Savings Investment Board ("Board"). Ang Ascensus College Savings Recordkeeping Services, LLC ("ACSR") ay ang administrador ng programa. Ang ACSR at ang mga kasapi nito ay responsable para sa pang-araw-araw na operasyon. Ang mga kalahok na nag-iimpok sa pamamagitan ng CalSavers ay ang benpisyal na may-ari at may kontrol sa kanilang mga IRA, ayon sa nilaan sa Program Disclosure Booklet na makukuha sa saver.calsavers.com. Ang CalSavers ay hindi tinataguyod ng employer, at samakatuwid, hindi responsable ang employer para sa Programa o mananagot bilang tagapagtaguyod ng Programa. Hindi pinahihintulutan ang mga employer na iendorso ang Programa o hikayatin o payuhan ang mga empleyado kung lalahok, magkano (kung mayroon man) ang iaambag o magbigay ng tulong sa pamumuhunan.

Naghahandog ang CalSavers ng mga opsiyon sa pamumuhunan na napili ng Board. Para sa higit pang impormasyon sa mga opsiyon sa pamumuhunan ng CalSavers, pumunta sa saver.calsavers.com. Ang mga balanse ng account sa CalSavers ay iba-iba depende sa kundisyon ng merkado. Ang mga puhunan sa CalSavers ay hindi garantisado o sinisiguro ng Board, ng Estado ng California, ang Federal Deposit Insurance Corporation, o anumang ibang organisasyon.

Ang CalSavers ay ganap na boluntaryong programa sa pagreretiro. Ang mga nag-iipon ay maaaring umalis anumang oras o bawasan o dagdagan ang halaga ng mga kontribusyon mula sa payroll. Kung hindi sumali ang nag-iipon, maaari silang sa kalaunang bumalik sa CalSavers. Bilang dagdag, inaatas ng batas ng California na magsagawa ang CalSavers ng Panahon ng Bukas na Pag-enroll minsan bawat dalawang taon kung saa ang mga nararapat na empleyado na dating umalis sa Programa ay muling iimbitahan na lumahok sa ilalim ng awtomatikong pag-enroll at dapat muling umalis kung ayaw nilang lumahok sa Programa.

Ang pag-ipon sa pamamagitan ng IRA ay maaaring hindi angkop sa lahat ng mga tao. Ang pagpapadali ng employer sa CalSavers ay hindi dapat ituring na pag-endorso o rekomendasyon ng kalahok na employer, mga IRA, o mga opsiyon sa pamumuhunan na hinandog sa pamamagitan ng CalSavers. Ang mga IRA ay hindi eksklusibo sa CalSavers at maaaring makuha sa labas ng Programa at maibigay sa labas ng pagkaltas sa payroll. Ang pagbibigay sa CalSavers IRA sa pamamagitan ng pagkaltas sa payroll ay maaaring maghandog ng ilang benepisyong buwis at kahihinatnan. Subalit, hindi lahat ay nararapat na magbigay sa isang Roth IRA at ang mga nag-iimpok ay dapat kumonsulta sa tagapagpayo sa buwis o pinansiyal na tagapagpayo kung may mga tanong silang kaugnay ng mga buwis o pamumuhunan. Ang mga employer ay hindi nagbibigay ng pinansiyal na payo at ang mga empleyado ay hindi dapat makipag-ugnay sa employer para sa pinansiyal na payo. Dapat isangguni ng mga employer ang lahat ng mga tanong tungkol sa Programa sa CalSavers. Hindi mananagot ang mga employer para sa mga pasya na gagawin ng mga empleyado alinsunod sa Seksiyon 100034 ng Kodigo ng Pamahalaan ng California.

209550-SFRP-237301-CA-TA (01/20)